
# Bumisita si Elder Rasband sa Cape Verde




Ang mga Apostol ay naglalakbay sa buong mundo upang magministeryo sa mga tao at magturo sa kanila ng tungkol kay Jesucristo.






Si Elder Ronald A. Rasband at ang kanyang asawang si Sister Melanie Rasband, ay bumisita sa Cape Verde. Ito ay isang magandang bansa na binubuo ng 10 isla malapit sa baybayin ng Africa.



Bumisita rin sila sa isang bukid. Ang mga miyembro ng Simbahan ay natutong mag-alaga ng mga baboy at iba pang mga hayop doon para masuportahan nila ang kanilang pamilya.

Bumisita si Elder Rasband sa isang paaralan para sa mga batang estudyante. Marami sa kanila ang walang mga magulang para mag-alaga sa kanila. Pumila sila para kamayan siya. Gustung-gusto iyon ni Elder Rasband. Siya at si Sister Rasband ay may 27 na apo!





Sabik ang mga tao na marinig ang sasabihin ni Elder Rasband. Ito ang unang pagkakataon na may bumisitang Apostol sa kanilang bansa!



"Mahal kayo ng Diyos. Mahal kayo ng Tagapagligtas."